aeiou FOUNDATION
for children with autism

AEIOU Foundation

Sa AEIOU Foundation, ang mga batang may autism at ang kanilang mga pamilya ay makakakuha ng maagang pamamagitan na may mataas na kalidad, at pansarili, na nagpapaunlad ng mahahalagang mga kasanayan sa pamumuhay at nagtataguyod ng pagiging independiyente.

Sa siyam na sentro sa buong Queensland at isang sentro sa South Australia, ang pangkat ng mga terapistang pantrabaho, patologo sa pagsasalita at wika, mga terapista sa pag-aasal, mga guro at mga facilitator (tagapagpadali) ng pagkatuto, ay nakikipagtulungan sa mga batang nasa dalawa hanggang anim na taong gulang upang sila ay umunlad sa:

- Pakikipagkomunikasyon
- Pag-aasal
- Mga kasanayan sa pakikipagkapwa
- Pang-araw-araw na mga kasanayan sa pamumuhay upang itaguyod ang pagiging independiyente, kabilang ang paggamit ng toilet at mga oras ng kainan
- Mga kasanayan sa oras ng kainan

Upang makamit ang mga layunin, ang mga bata sa AEIOU ay tumatanggap ng:

- Minimum na 20 na oras bawat linggo na masinsinang terapiyang pang-autism
- Isang planong pang-indibidwal
- Terapiyang pang-indibidwal at panggrupo

Ang mga pamilya at tagapag-alaga ay makakakuha din ng pagsasanay at mga suporta kabilang ang mga miting para sa pang-indibidwal na pagpaplano, mga workshop at isang aklatan para sa magulang.

Ang AEIOU ay isang rehistradong tagapagbigay ng NDIS.

Upang malaman ang higit pa, kabilang ang kung paano makakakuha ng isang interpreter, mangyaring tumelepono lamang sa **1300 273 435**, o mag-email sa c**ommunications@aeiou.org.au**, o bumisita sa **www.aeiou.org.au**.